



CHAPTER 1

Tbinaba siya ng sinakyang taxi sa harap ng isang matayog na gusali. Kinakabahang tiningala ni Dahlia ang tugatog niyon. It was befitting that her sister lived at its peak. Tulad ng tirahan nito, nasa tuktok din ng tagumpay ang career ng kapatid niya. Alam niya, mula sa masugid niyang pagsubaybay sa karera nito bilang modelo, na nakamit na nito ang pinakamimithing rumampa sa international runway. At bilang tagahanga at kapatid nito, masaya siya para rito.

Their mother would've been immeasurably proud...

Agad nag-init ang mga mata niya nang maisip ang kanyang ina. Dalawang buwan na ang nakalipas matapos niya itong datnang naghihingalong hinihintay ang kanyang pagdating.

"P-patawarin mo ako, D-Dahlia..." Candida rasped in a dry, barely audible whisper.

"W-wala ho kayong dapat ihingi ng t-tawad sa akin, Ma..." Humihikbing hinaplos niya ang namumutla at humpak nitong pisngi.

“Meron, anak... I’m about to l-leave y-you. I... a-am s-so sorry I h-have to leave you...” anitong bumagsak ang luha, “...k-katulad ng g-ginawa ko sa k-kapatid... m-mo.”

“N-no, Mama, please, ’wag n’yo akong i-iwan,” magkahalang takot at desperasyong pakiusap niya.

Pumikit ang kanyang ina. Hindi na ito halos humihinga. Kung hindi sa patuloy na pagdaloy ng luha nito ay iisipan niyang...

“Patawad, D-Dahlia,” muli nitong anas. “Patawarin mo ako s-sa hihilingin kong ito sa ’yo.” Nagmulat ito. At naalarma siya sa unti-unting pagpanaw ng apoy sa mga mata nito. “Ihingi mo ako ng t-tawad kay Candice... s-sabihin mo sa kanyang k-kailanman... hindi siya n-nawala dito sa p-puso ko...”

“Opo... p-pangako.” Mahigpit niyang hinawakan ang kamay nito. “Pero hindi b-ba mas maganda kung k-kayo mismo ang magsabi niyon kay A-Ate, Ma? You just have to get better.”

Candida never did. Tuluyang nalagot ang hininga nito.

Nagsimulang manghina ang mama ni Dahlia pagkatapos nilang ihatid sa huling hantungan ang kanyang papa. Namatay ito sa komplikasyon ng sakit sa baga. Nasa intensive care unit pa lang ang ama niya ay napansin na niya ang labis na pighati at pananamlay ng kanyang ina, na para bang tiyak na nito ang nakatakdang pagpanaw ng lalaking minamahal. Ilang linggo makalipas ang libing, nahulog sa depresyon ang pagluluksa nito. Palagi na lang nitong gustong mapag-isa, hanggang sa tumanggi na itong lumabas ng kuwarto. Then her mother

started refusing food. Noon siya nagsimulang makadama ng desperasyon.

Napilitan siyang isantabi ang pansariling hinagpis at pangungulila dahil kailangan ni Candida ng masasandalan. Nang maging malinaw sa kanya na matagal nang sumuko ang kanyang mama ay nagdesisyon siyang lumaban para rito.

Ipinasok niya ito sa ospital upang maipagamot at maalagaan ng mga eksperto. Subalit paubos na ang perang pinagbentahan niya ng kanilang malagong bigasan, malayo pa rin sa paggaling si Candida. Instead, her mother deteriorated before her very eyes.

May mga pagkakataong ninais niyang magalit dito. Ano ang karapatian nitong sumuko gayong nandito pa siya? Higit nang lalo ang Ate Candice niya? Na hanggang ngayon ay naghihintay ng paliwanag kung bakit ito inabandonada ng sariling ina.

But all she felt was profound sadness. Magmula nang mamulat siya sa katotohanan tungkol sa kanyang mga magulang, naintindihan niya ang panglaw na kailanma'y hindi nabura ng masaya nilang pamilya; naintindihan niya ang mga gabing nasusumpungan niya ang inang impit na umiiyak. Her mother had been suffering every waking moment of her life for abandoning an innocent, little child. Isang pagdurusang hindi nito kailanman natakasan saanman ito nagtago... gaano man kalayo ang itinakbo nito.

Forcing back her tears, Dahlia took a deep breath. Si Candida na lamang ang natitira sa kanya. And she would do everything to keep her remaining family.

“Good afternoon, Ma’am. My name is Josephine. How may I help you?” agad na bati sa kanya ng isa sa dalawang receptionist nang makapasok siya sa magarbong lobby ng condominium.

“Ah, e-eh...” nininerbyos niyang utal. *Utang na loob, Dahlia! Isa kang guro. Hindi isang dalagitang naglayas ng probinsya. Umayos ka!* kastigo niya sa sarili. She pushed her horn-rimmed glasses up her nose and tried again. “Dadalawin ko lang sana s-si... Candice Vinciguerre.”

“Alam po ba ni Miss Candice na bibisita kayo, Ma’am?”

“Uhm...” aniyang muling inayos ang kanyang salamin, “hindi, eh.”

“Gan’un po ba?” Niyuko nito ang kaharap na computer at tinipa ang keyboard. “Ano na nga ho ang pangalan ninyo, Ma’am?” Nag-angat ito ng tingin, kapagkuwa’y muling niyuko ang monitor matapos niyang ibigay rito ang pangalan.

“Pasensya na, Ma’am Dahlia, pero wala po kayo sa visitor’s list ni Miss Candice,” mayamaya ay saad nito. “Hindi ko po kayo mapapaakyat sa unit niya.”

Nalaglag ang mga balikat ng dalaga. But almost immediately, she squared them again. “Wala na bang ibang paraan, Miss? Lumuwas pa kasi ako ng Davao para makita siya.”

“I’m sorry, Ma’am, pero mahigpit po ang regulasyon ng condominium. Lalo na pagdating sa mga bisita ng high-profile tenants namin. Kung gusto ninyo,” dagdag nito nang makita ang labis niyang pagkadismaya, “p’wede kayong pumunta sa *TriNoma* sa makalawa. Merong naka-

schedule na fan meeting si Miss Candice doon para sa *Cosmopolitan* cover issue niya.”

“Naku, hindi ako tagahanga, Miss. Ang ibig kong sabihin... h-higit pa ako sa isang tagahanga,” pagtutuwid niya. “Ako ang... isa akong....”

Hindi malaman ni Dahlia kung ano ang idudugtong. Isang public figure ang kapatid niya, and the public knew nothing of Candice’s little, misbegotten half-sister. Katunayan, si Candice mismo ay hindi alam na may kapatid ito. She needed to think of the repercussions if she claimed to be the long-lost sibling of the reigning *FHM Sexiest Woman of the Year*.

“Isa akong... k-kamag-anak.”

The receptionist couldn’t resist flicking a disbelieving look over Dahlia. “I... see,” nagawa nitong sabihin. “But I have to verify this first with Miss Candice.”

“Pakisabi sa kanya na isa akong kamag-anak... sa s-side ng mommy niya,” imporma niya. But even as she said it, she rather doubted it would make a difference. Even if Candice believed her claim, duda siya kung haharapin nito ang sinumang may kaugnayan kay Candida. Nasisiguro niyang galit ito sa kanilang ina. At hindi niya ito masisisi.

Pinigil niyang manlumo. She had known it would not be easy.

“Ma’am, akyat na daw po kayo.”

Gulat na napakurap siya sa magandang receptionist, nakaguhit sa mukha ang labis na pagkamangha.

“She occupies the penthouse suite. You may use any of the elevators.”

“T-thank you,” hindi pa rin makapaniwalaang saad ni Dahlia.

Nanlalambot na tinungo niya ang hanay ng mga elevator. Simbilis ng pag-akyat niyon ang pag-umapaw ng takot sa kanyang puso. To distract herself, she tried to practice the things she would say to Candice, but only succeeded in building her fear. Hindi niya maihakbang ang mga paa nang bumukas ang pinto ng elevator. She couldn't even will her body to move.

Ngayon, naiintindihan na niya kung bakit hindi nagawa ng kanilang ina na harapin ang panganay nito. Facing Candice took strength and courage.

Now it was up to her. Para sa ina, nagawa niyang kumilos bago sumara ang elevator doors.

Nag-iisa lamang ang pinto sa palapag na iyon. Though she felt like fainting, she managed to raise a nerveless hand and knock on the door.

Isang binabaeng kakulay ng cotton candy ang buhok ang nagbukas ng pinto. He lost the excited look on his face when he saw her. Nagitlang sinuri nito ang mahigpit na pagkakapusod ng kanyang buhok, ang makakapal na pares ng kanyang salamin at ang naninigas sa almirol niyang blusa at saya. “*Hu-may-gahd!* Diyata’t nag-time travel si Miss Tapia!” bulalas nito.

Dahlia was simply too tensed to take offense.

“M-magandang araw. Ako iyong itinawag ng reception na b-bisita ni... Miss Candice.”

Sa halip na sumagot, muli siya nitong pinasadahan ng isang nang-uuring tingin. Nilingon nito ang loob ng penthouse suite, pagkuwa'y tila nanririmarim na ibinalik

sa kanya ang tingin.

“Gosh! Nothing this drab has entered this hallowed floor in living memory.”

“Huwag kang mag-alala, Peachy. She will not be here long enough to cause lasting damage. Papasukin mo siya,” a low, husky voice said.

Lumipad ang mga mata ng dalaga sa likuran ng baklang tinawag na ‘Peachy’, pero hindi maabot ng kanyang tanaw ang may-ari ng tinig.

“She better not, chika,” ani Peachy na niluwangan ang bukas ng pinto. “You are the country’s pillar of style and fashion. Mamaya n’yan may makakita sa kanya dito, masira ang image mo.”

Sinundan niya ito sa loob, so overcome with her rioting emotions to take notice of the callous insults or the suite’s plush interior done in subtle silver and delicate pink. The few steps that took her to her sister felt like miles.

Natuod siya sa kinatatayuan nang sa wakas nakaharap niya si Candice. Awe temporarily eclipsed her fear as she stared at her half-sister’s striking perfection.

Parang sa isang diyosa ang mga katangian nito: from her flawless beauty to the perfect curves of her long, lithe body. Inihantad ng suot nitong mini-dress ang mala-porselana nitong kutis pati na ang walang-hanggan at mala-kandilang hubog ng mga hita nito. She stood regal as a queen, elegance oozing from every pore of her body. And Dahlia could not help but feel like something the cat dragged in in comparison.

“Iwan mo muna kami, Peach,” anito sa boses na

sinlagkit ng mainit na pulot.

“Pero—”

“Now, Peachy!”

Padabog silang iniwan ni Peachy. Lumipas ang ilang sandali ngunit nanatiling nakatanga si Dahlia sa nakatatandang kapatid. Malinaw niyang nakikita ang iniwang pamana rito ng kanilang ina: the prominent jaw, delicate nose, and cat-like eyes under gracefully arching brows.

“Well?” nainip nitong basag sa katahimikan.

Napalunok siya, pinilit ang sariling magsalita. “Ako nga p-pala si... Dahlia...” *Ang iyong nakababatang kapatid,* gusto niyang idagdag ngunit namatay ang mga kataga sa lalamunan niya nang makitang tumaas ang kilay ng kaharap niya. Dumoble ang pag-aatubiling nararamdaman niya; unti-unting nasaid ang kakarampot na tapang na mayroon siya. “Anak ako ng... n-ni... ni Candida—”

“—at ng hampaslupang hardinerong kabit niya,” nainip na pagtatapos ni Candice sa sasabihin niya. “Yes, I know.”

Para siyang hinambalos ng alon sa narinig. There was nothing to anchor her as she was swept away by the revelation that Candice knew she existed. Tinangay niyon imaging ang galit na naramdaman niya sa pangungutya nito sa kanyang ama.

“A-alam mo ang t-tungkol sa—”

“I know everything,” sansala nito. “Sinabi sa akin lahat ng PI na inupahan ko upang ipahanap kayo.”

“Ipinahanap mo kami?”

“Bakit hindi?” tanong ni Candice, her cold eyes finally

flickering with emotion. “Normal lang naman sigurong ipahanap ng isang anak ang ina niyang dalawang dekada nang nawawala.”

“H-hindi naman iyon ang ibig kong—”

“Iniisip mo bang pag nahanap ko ang walang-kuwenta kong ina, babawiin ko siya mula sa ‘yo?” muli nitong pamamatlang sa kanya.

“A-Ate...”

“Well, you can have her! Do you think I’d want a mother who didn’t want me?”

“Ate...”

“Wag mo ’kong matawag-tawag na ‘Ate’!” singhal ng modelo. “Hindi kita kapatiid. That slut of a woman you call mother had stopped being one to me, nang walang lingon-likod niya akong iniwan!”

Gustong maghimagsik ni Dahlia sa itinawag nito sa kanilang ina, ngunit kailangan niyang intindihin ang kapatiid at ang galit nito.

“Gusto mong malaman kung bakit ko siya ipinahanap?” Candice asked with a hint of malice. “Sige. Ipinahanap ko siya dahil gusto kong malaman kung anong klaseng buhay ang ipinagpalit niya sa akin. And you know what? I *liked* what I saw—isang dating heredera na naging hamak na palengkera. She looked *used*. And she deserved it!”

Pikit-matang tiniis niya lahat ng masasakit na salita ng kausap para sa babaeng nagluwal sa kanya. She could not defend her mother because there was truth behind the hateful words.

“Patay na siya, Ate.” Dinig niyang napasinghap si

Candice. Ngunit nang magmulat siya ay blangko ang maganda nitong mukha. "Namatay siya n-na... pasan-pasan ang bigat ng kasalanan niya sa 'yo." Her voice trembled in an effort to hold back her tears.

"Well... I can't say that I'm sorry. That would be a big, fat lie."

Siya naman ang napasinghap, hindi akalaing magiging ganoon katigas ang puso ng kaharap sa babaeng naging ina rin naman nito. Surely, her sister couldn't be so hard and cold.

"Oh, don't look so shocked. Palagay mo iiyakan ko ang babaeng tinalikuran ang pagiging ina niya sa akin dahil hindi niya matiis ang kati sa katawan? Please."

Bumagsak ang luhang pinipigil ni Dahlia. Inasahan na niya ang galit ng kapatid niya. She had the right to it. Pero... naalala niya kung gaano nagsisi at nagdusa ang kanilang ina. Ni minsan, hindi ito naging ganap na masaya sa piling nilang mag-ama. Her conscience wouldn't let her.

"Pinagsisihan ni Mama ang ginawa niyang pang-iiwan sa 'yo, Ate. Pinagsisihan at pinagdusahan niya hanggang sa kanyang huling h-hininga."

Candice's lips curled in a faint sneer. "Is that so? Because she regretted abandoning me *so much* she sent *you* to make her apologies? Iyon ba ang sinasabi mong pagsisisi?"

"Hinang-hina na siya nang mga pana—"

"Wag mong ipagtanggol ang kaduwagan niya. 'Wag mong sabihin sa aking nagsisi siya't nagdusa gayong hanggang sa kanyang huling hininga, she couldn't do the

right thing by me!"

Hilam sa luhang nilapitan niya ang kanyang kapatid at nanginginig na lumuhod sa harap nito. "N-nakikiusap ako... huwag mo namang tuluyang ipagkait kay Mama ang kapatawaran mo, Ate. Alam kong mahirap... p-pero 'wag mo munang isara ang iyong puso. Kung gusto mo, a-ako na lang... ako na lang ang babawi sa 'yo para sa kanya," nagmamakaawa niyang alok dito.

Iniwash ni Candice ang kamay nang akmang aabutin niya ito. "There's no need to get melodramatic, *little sister*. Wala kang dapat ihingi ng tawad, kaya tumayo ka na riyani," malamig nitong saad saka siya tinalikuran.

Naguguluhang nagpahid siya ng luha at marahang tumayo. Napatawad na ba nito ang kanilang ina? Ngunit tagos hanggang buto ang nadama niyang pagkamuhi nito para kay Candida.

Candice lowered herself on a brocaded sofa and pinned her with cold, dispassionate eyes. "Nagawa mo na ang hindi niya nagawa, Dahlia. Hinarap mo na ako. You can take your leave. 'Wag ka na ulit magpapakita sa akin."

Sumugat sa kanyang puso ang tahasan nitong pananaboy, but before it could permanently cut her, she heard a door burst open.

"Chika, wait!" tili ni Peachy at nagmadaling lumapit kay Candice. "Huwag kang padalos-dalos, girl."

"Don't you *dare* interfere with my personal affairs, Peach."

"Retract the claws, Candice. May suggestion lang naman ako. And it's for your own good. 'To naman, nagiging bruha agad."

“You have exactly three seconds.”

“Sinabi niyang gusto niyang bumawi, di ba? Ba’t di mo siya hayaan? Baka siya na ang hinahanap nating PA mo?”

Tumaas ang isang kilay ni Candice. “Aren’t you holding that exalted position already?”

“Gaga! Iba naman ang tinutukoy ko, ’no! Ang ibig kong sabihin, PA—as in, *personal alipin*.” Tumawa pa ito nang tila nakakaloko “Oops!” takip nito sa bibig nang mahagip ang pagtigas ng anyo ni Dahlia. “Think about it, chika: you could do with her as you will, you can be sure she’d never betray your trust in *any* way... Iyon eh, *kung...*” nakataas ang kilay na baling sa kanya ni Peachy, “...*totoo* sa loob niya ang sinasabing babawi siya sa ’yo.”

Napatiim-bagang si Dahlia. She knew she was being baited... and she knew she didn’t have a choice but to rise to it. Binalingan niya ang kanyang kapatid. Gayon na lang ang kanyang panlulumo nang makita ang naghahamon nitong anyo.

“Hay naku, sis! Ka-*churva*-han lang ’ata ang mga pinagsasabi niya kanina. Para lang mapatawad mo ang *mudrabelles* niya.”

Pinalabo ng luha ang kanyang mga mata. “T-totoo’ng lahat ng mga sinabi ko.”

“Talaga?” diskumpyadong tanong ni Peachy.
“Madaling sabihin ’yan, pero kaya mo bang patunayan?”

Hindi ito pinansin ni Dahlia, ang mga mata niya ay nakatuon lamang sa kanyang kapatid. “Pinagdusahan at pinagsisihan ni Mama ang pang-iiwan niya sa iyo. Walang araw na hindi ka niya naaalala. Walang oras na tumigil siyang m-mahalin... ka.” Her tears fell. She wiped

them away. “Kung... kinakailangang bawiin ko ang mga panahong hindi ka niya naalagaan, g-gagawin ko.”

May ilang saglit na walang kumibo matapos niyang magsalita. Then Candice crossed her legs and leaned against the sofa, her slender arms draped artlessly over the armrests.

“Sigurado kang gusto mong maging katulong ko?”

Isang panibagong sakit ang gumuhit sa kanyang puso sa sinabing iyon ng kapatid, pero nagawa niya iyong itago. “Hanggang sa makakaya ko, susubukan kong ibigay sa ‘yo ang pag-aarugang hindi nagawa ni Mama,” saad niya sa kabilang naninikip na lalamunan. “Pero mananatili ako rito upang makasama ka... upang punan ang mga pagkukulang ni Mama. I will not be ordered around like a servant,” she clarified, a note of steel in her voice.

Napataas ng kilay na tinitigan siya ng dalawa. Dahlia stood her ground. Hindi siya katulong. Tanggapin man o hindi ni Candice ang katotohanan, pamilya siya nito at iyon ang papel na kanyang gagampanan.

“O, ha? English ‘yon. Bongga!” bulalas ni Peachy nang makahuma.

Tumaas naman ang isang sulok ng bibig ni Candice. “If that makes you feel better.” Dinampot nito ang magazine sa katabing rack. “Dalhin mo na’ng mga gamit mo sa kuwartong pinasukan ni Peachy kanina. You can stay in that room for the duration of your stay here.”

Pikit-matang nagpawala siya ng isang buntong-hininga. “Salamat, Ate. Pangako—”

Malamig ang mga matang nagtaas ito ng tingin. “Sinabi ko na ito sa ‘yo kanina, Dahlia, pero uulitin ko

ngayon sa huling pagkakataon: *Hindi mo ako ‘ate’.* Wala akong kapatid; sa parehong paraang wala akong ina... patay man o buhay.”

Hindi siya nakasagot. Ang tanging nakayanan niya ay ang pagmasdan ang natitira niyang pamilya. As she stared into her sister's cold eyes, unti-unting naabo ang mga pinangarap niya noon na magiging mapagmahal itong ate sa kanya at magiging masunurin siyang bunso rito.

“If it's too much for you to address me as ‘Ma'am’, you may call me ‘Miss Candice’. Hindi naman siguro mahirap para sa iyong pagbigyan ang gusto kong mangyari, hindi ba?”

Tuluyang tinangay ng hangin ang naabo niyang pangarap sa sinabing iyon ng kausap “Kung... iyon ang g-gusto mo, sige... M-Miss Candice.”





CHAPTER 2

Panay ang sulyap ni Garrett sa dashboard clock ng kanyang kotse habang nasa kalagitnaan ng byahe patungong *SMX Convention Center*. He didn't need the damned thing to tell him he was unforgivably late, but he couldn't help himself.

Hindi na siya aabot sa huling gabi ng *Philippine Fashion Week* kung saan pang-grand finale ang nobya niya. The fashion industry was crowning Candice queen and his sorry ass was still here, stuck in the middle of payday traffic.

Nakikinita na niya ang magiging reaksyon ng nobya. Candice would deny she was disappointed and hurt. But he would see it in her beautiful eyes, magnified by the tears she was too proud to shed. He would see it in her forced smile, and hear it in her voice.

Garrett sighed with regret. Kabisado na niya ang mga dapat asahan sa dalas ng mga ganoong eksena nila ng kasintahan. He had really wanted to come. But he had not expected the *FDA* inspection to go well into the night.

As acting CEO, he couldn't leave. His grandfather would have his hide. Ipinagkatiwala nito sa kanya ang pamamahala sa kompanya habang neroon ito sa New York kasama ang mga magulang niya. The old man was having a tumor removed.

"I know you're up to it, hijo," makahulugang saad ng kanyang Lolo Primo. "I know you're almost ready to take over as CEO. And what better way to test that theory than leaving it in your hands for two months, yes?"

Hindi na kailangan ng abuelo niyang hamunin siya nang ganoon. The old man knew that his grandson would rather be drawn and quartered than fail his expectations. And Garrett was not inclined to prove the Sandico patriarch wrong—even if he neglected his woman in the process.

"Damn!" Napu-frustrate na hinampas niya ang manibela.

Candice would understand despite her hurt. She always did. Iyon ang isa sa mga nagustuhan niya sa dalaga. Nauunawaan nitong may kailangan siyang patunayan sa sarili at sa kanyang abuelo. And Candice was showing and giving him her support by not asking too much of his time. At inaabuso niya iyon. Ilang dinner date na ba ang kinansela niya at pinalampas ng nobya? Now, this...

Muli siyang napamura, pagkuwa'y napatingin sa dambuhalang bouquet na nasa backseat. He knew the expensive confection of pink flowers would do little to soothe her hurt. Candice had never been one to be swept away with expensive gifts. Kaya nitong tapatan anumang

mamahaling bagay ang maisipan niyang ibigay rito. But he had to make it up to her somehow.

Hindi siya sigurado kung pag-ibig na ang nararamdaman niya para sa babae. Ang alam lang niya, ayaw niyang mawala ito sa kanya. And Candice seemed prepared to walk out of his life if he pushed her enough—making her a rarity among the parade of women he took to his bed.

She was the first woman who didn't take interest in keeping him in her clutches, the first who didn't tolerate his on-the-side flings. Malinaw pa rin hanggang ngayon sa alaala niya kung papaano nito ibinato ang 24-karat emerald-cut diamond drop earrings na iniregallo niya rito noong sagutin siya nito nang malaman nitong nakipag-one-night stand siya sa kasamahan nitong modelo. She had declared, in no uncertain terms, na pagdating sa kanya ay wala itong balak makihati sa iba. It was either he give her all of him, or nothing at all.

Nagsisihulasan na ang mga tao nang dumating siya sa *SMX Convention Center*. Dahil sa matingkad na kulay ng buhok nito, agad nahanap ng mga mata niya si Peachy, ang personal assistant at agent ni Candice. Nang mamataan siya nito, sumenyas itong dumiretso siya sa backstage. Bago niya ito matanguan ay tinalikuran siya nito at may kinausap sa telepono.

Inabutan niya ang nobyang pinuputakti ng mga nagkakagulong fans, reporters, at photographers. By the looks of it, she was a huge hit. Pero base sa ngiting gasinong sumilay sa mga labi nito, batid ng binata ang pananamlay nito sa kabilang nakamit na tagumpay.

Nakokonsyensyang lumapit siya sa umpukang nakapalibot sa katipan. The crowd parted like the *Red Sea* when they saw him coming.

“Congratulations.” Iniabot niya sa babae ang bulaklak nang tuluyang makalapit dito. Agad nagsikislapan ang mga kamera at umugong ang kinikilig na bulungan.

Candice accepted his offering graciously; even smiling radiantly as she allowed him a peck on the cheek, but he knew better.

“Begging your pardon, ladies and gentlemen, hihiramin ko lang sandali ang star of the show,” Garrett excused after they had posed for a few obligatory photos.

Inakay niya ang tahimik na nobya sa isang pribadong sulok. “I’m sorry, hon,” he immediately apologized when they were out of earshot. “I couldn’t get away from—”

“I know. Alam kong hindi ka na naman makakapunta nang tumawag ka kanina.”

“Was that why you didn’t take my call?”

Now that they were away from prying eyes, tila pagod na pagod itong nagtaas ng tingin. “I would rather you apologize to me in person.”

“And I’m here, hon. I’m really sorry.”

“It’s okay. Naiintindihan ko naman,” she said in a dull voice.

“Candice—”

“Gusto ko nang umuwi,” pagsasara nito ng usapan.

Garrett watched her with clenched jaw. Para na itong nanlalata sa pinaghalong pagod at disappointment.

“Okay.” He vowed silently that he would make it up to her.

Matapos magbihis ni Candice, inihatid na niya ito

sa condo. She bid him good night without offering him a nightcap. He had started to turn but with a low grunt of frustration, pinigil niya ang pagsara ng pinto, sweeping her inside in the next instant.

“Garrett—”

Pinutol niya ng isang marahas na halik ang protesta nito. Idinikit niya ito sa dingding ng foyer at sinalakay ng halik ang mga labi nito. Candice tried ineffectually to resist his plunder. Tumagal nang ilang segundo ang panlalaban nito. Nang sumunod na sandali, nakakapit na ito sa batok niya, marahas na tinutugon ang pananakop ng kanyang mga labi.

She moaned long and loud when his hands roughly explored her body. Nang mapansin niya ang marahas na paggalugad ng mga palad niya, sinubukan niyang maging marahan. Candice was a self-proclaimed virgin. In an interview with a world-famous men’s magazine, she had candidly said that she was not being chaste or conservative, simply careful with her body.

Garrett had not been among the ranks of men who had swarmed around Candice like bees to a succulent flower after that announcement. Talk was cheap, he had told his slavering friend, Gabe.

Ngunit nang minsang hilahin siya ng kaibigan sa isang modeling stint ni Candice, nag-iba ang ihip ng hangin. Walang kasing-ganda ang babae. Naging isa siya sa mga masugid nitong tagahanga. He had wondered if what she said was true and decided that he would be the man to ferret out her truths.

Lalong nadagdagan ang interes niya kay Candice

nang taasan lang nito ng kilay ang pagpapahayag niya ng interes dito. Inabot ng halos isang taon ang panunuyo niya sa dalaga.

Nang mapasakanya ito, nadiskubre niyang hindi ibig sabihin niyon ay maaangkin na niya ito. And he could only conclude that she didn't care enough for him yet. Dinagdagan niya ang pagpupursigi, hindi lang upang maangkin ang katawan nito kundi pati na rin ang puso nito.

When he finally did, he was well compensated. Candice was the perfect girlfriend. At kahit hindi pa niya ito nadadala sa kanyang kama ngayong mag-iisang taon na ang relasyon nila, he had little cause to complain.

"Oh, Garrett, darling... don't slow down yet. Not yet," daing ni Candice, her hands doing their own frantic exploration down his body.

Napangiti siya. Mukhang malapit nang mangyari ang inaasam niya. For the past months, he had patiently stoked her desire for him. Now she was finally ablaze, tugging frantically at the waistband of his pants, exposing the boxers that gloved his massive erection. Ngayon lang nangahas nang ganito si Candice at para na siyang lalagnatin sa sunod nitong gagawin.

Nagsisimula na siyang ipikit ang mga mata sa antisipasyon nang biglang bumukas ang ilaw.

"Hesusmaryosep!" nanggigilallas na bulalas ng isang tinig.

Lumipad ang tingin niya sa may-ari niyon. His urge to throttle the intruder died when he saw a woman in baggy pajamas staring at them in horror behind a

monstrous pair of spectacles. Both hands clamped on her mouth, nanlalaki ang mga matang pinasadahan nito ng tingin ang nabungarang eksena. Nang mahagip nito ang naghuhumindig niyang pagnanasa, pasinghap itong napaantada at nagkumahog na iniwan sila, promptly crashing into the wall behind her.

Natawa si Garrett, humuhupa na ang rumaragasang pagnanasa.

“Ah, well...” baling niya kay Candice.

Nakabadha sa mukha nito ang galit na kani-kanina lang ay bumangon din sa dibdib niya. Nang maramdaman nito ang titig niya, nahalinhan ng hiya ang galit sa maganda nitong mukha.

“I’m sorry about that, darling,” anitong hindi makatingin sa kanya.

“I’m not.” Hinuli niya ang baba nito. “Now I know what a tigress you can be,” ngiti niya rito, which made her lower her lashes in embarrassment.

Dinampian niya ito ng magaang halik sa labi bago inayos ang sarili. Nahihiya pa ring inayos din ni Candice ang damit nito.

“Who was that?”

Dinampot ng binata ang bouquet na nabitawan ng nobya nang suggaban niya ito kanina at muli iyong iniabot dito.

Matagal bago siya nito sinagot, carefully arranging the flowers that had gone askew. “Kasama ko dito sa bahay,” pagkuwa'y tingala nito sa kanya.

“That’s good. Kelan pa siya dito?”

“Dumating siya two weeks ago.”

“Naipa-background check mo na ba siya? Ano’ng pangalan niya?”

“Dahlia,” sagot ni Candice bago nakangiting nilarolaro ang kuwelyo niya. “Would you like to come in?”

“Honey, I’m already in.”

Nang-aakit na kinagat nito ang pang-ibabang-labi.
“I was talking about my room, silly. We weren’t quite... finished, were we?”

“Not by a long chalk.” Nakangiting talunton ng daliri niya sa hugis ng namamaga nitong labi. “But I think we have scandalized that poor girl enough for one night.” Hinalikan niya sa pisngi ang nobya. “Aalis na ako.”

“But—”

“May kasalanan pa ako sa ’yo. Babawi ako, Candice. I promise.” He kissed her hard before she could tempt him into staying for the night.

Nanumbalik sa alaala ni Garrett ang nahindik na anyo ng kasambahay ni Candice habang pababa ang elevator na sinasakyan niya. He chuckled at the comical picture she made, but it left him in no doubt whatsoever that it was an honest-to-goodness reaction of a pious virgin.



Matagal bago nakalma ni Dahlia ang kanyang sarili. Until now, she was flushed with hot embarrassment. Ayaw mapagkit sa kanyang balintataw ang eksenang nasaksihan.

Panay ang iling niya habang paroo’t parito sa loob ng silid, na para bang sa pamamagitan niyon ay matataktak mula sa kanyang utak ang imahe ni Candice na nakalingkis sa katawan ng... ng lalaking iyon.

Nang maisip ang estranghero, Dahlia promptly remembered what she had no business seeing. He was still decently covered when she saw his... his... thingy. Pero sobra-sobra para sa inosente niyang mga mata ang nakita. She didn't know that a man could grow that... big.

O baka naman likas lang siyang... big? pilyang singit ng isang maliit na tinig.

Para siyang sinilaban. And to her horror, the heat was only partly due to embarrassment. May kung anong mapanghalinang init ang humalo sa kanyang dugo na nagpatayo sa mga balahibong-pusa niya sa katawan. Balisang napabilis ang kanyang mga hakbang at kamuntik nang mapalundag nang bumukas ang pinto ng kanyang silid.

“Ate Candice!” sa pagkabigla ay naibulalas niya. Agad niyang binawi ang tingin mula rito. She felt as guilty as a voyeur. “I’m... I’m sorry... hindi ko s-sinasadya. Nakarinig kasi ako ng mga kalabog at kaluskos, so I came out to investigate. Hindi ko naman akalain n-na—”

“It’s okay,” sansala sa kanya ni Candice. “Halata namang hindi mo sinasadya—the look on your face...” she remarked with snide laughter.

Lalo siyang nahiya. “Pasensya na. Hindi na mauulit.”

“Siguraduhin mo. I missed an evening interlude with that stud because of you.” Napatingin siya rito. “Palalampasin ko ito ngayon. Pero sa sandaling hindi maging komportable si Garrett dito dahil sa presensya mo, I will kick you out. I have invested a lot on that man. Ruin my chances with him and I will ruin you beyond any hope of repair. Naiintindihan mo?”

“Naiintindihan ko,” nagawa niyang isagot sa kabilang sakit na dulot ng kaswal na pagbabanta sa kanya ng sarili niyang kapatid.

“Good.” Tumalikod na ito. “Tatawagan ko muna si Peachy, then I would like to take a bath.”

“Ihahanda ko ang banyo,” agad niyang boluntaryo.

Sa loob ng dalawang linggong pamamalagi ni Dahlia sa poder nito, she and Candice had settled on an arrangement that didn’t make a mockery of the word ‘family’.

Minsan ma’y hindi siya inutusan ng babae. Instead, she would make her wishes known, and Dahlia was always at the ready to give it to her. Kadalasan, wala pa mang sinasabi ang kapatid niya, naihanda na niya ang kailangan nito.

Nagsaboy siya ng lavender-mint bath salt nang mapuno ng maligamgam na tubig ang marble tub. Pagkatapos ay sinindihan niya ang Diptyque *Feuille de Lavende* na paborito ni Candice at naglagay ng potpourri sa palibot ng bathtub. Naglalagay siya ng malinis na tuwalya sa rack nang marinig niyang pumasok sa silid nito ang kapatid na may kausap sa telepono.

“Of course it worked,” narinig niyang sabi nito. “And not a moment too soon. I only had time to plaster a properly dejected expression when he came bearing a humungous bouquet.”

Naiintrigang napakunot-noo si Dahlia, hindi napigilan ang sariling lumapit sa pinto ng banyo upang makinig.

“...were exquisite. Gosh! Katumbas ’ata ng isang

Prada bag ang halaga ng bouquet. Every stalk was imported. There was even a filigree chain wound through the flowers. It was so hard not to gasp with delight and continue looking sad. It was simply divine.

Lumalim ang gatla niya sa noo. Bakit kailangan nitong magpanggap na nalulungkot gayong malinaw namang labis nitong ikinagalak ang natanggap na pumpon ng bulaklak?

She was still mulling over her question when she heard Candice moving toward the bathroom. Natisod siya sa wool carpet sa pagkukumahog niyang makalayo mula sa pinto.

“I’m taking a bath now, Peach. See you at the victory party tomorrow. Hugs and kisses.”

Without being told, kinuha niya mula sa babae ang cordless phone. “Handa na ang lahat, Ate—Miss Candice,” she amended hurriedly. “P’wede ka nang magbabad.”

“Thank you,” Candice said politely.

Gusto sana niyang kumustahin ang fashion show nito, pero maaga niyang natutunan na ayaw nitong kinakausap siya maliban na lang kung kinakailangan. Masasakit na salita ang inabot niya rito nang minsan siyang magpumilit at hindi pa siya handang sumubok muli.

Lumabas na lamang si Dahlia upang bigyan ito ng privacy. Inayos niya ang hinubad nitong mga damit at niligpit ang mga gamit na dala nito kanina. Sa ibabaw ng dambuhalang brass bed, nakita niya ang tinutukoy nitong bouquet.

The sight of the delicate flowers in varying shades of

pink drew her to the bed. She might be a girl with poor and simple tastes, but she was not indifferent to beautiful and extravagant things.

Hinaplos niya ang malambot na talulot, hindi maintindihan kung bakit sa lahat ng karangyaang pag-aari ni Candice ay gusto niyang mainggit sa pumpon ng bulaklak.



Bawat umaga, matapos niyang tulungan ang kapatid na maghanda para sa daily routine nito sa gym, naiwan siyang walang ginagawa. Bukod sa pagkabagot, maghapon din niyang tinitiis ang kumakalam na sikmura.

Hinimas ni Dahlia ang tiyan. Kanina pa natunaw ang inalmusal niyang rye bread at hinog na mangga. Sinubukan niyang maghalungkat sa dambuhalang fridge, pero nawalan lang siya ng gana nang makita ang laman niyon.

Missed na missed na niyang kumain ng kanin. Sa kasamaang-palad, iyon ang numero unong banned sa kusina ni Candice. Meat, fish and poultry came next, along with nearly everything else except fruits and vegetables.

Gusto ko ng kanin, daing niya. Ng isang platong umuusok na kanin at pritong galunggong na may pares na toyo at ginayat na kamatis.

Naglaway siya sa naisip. Ilang saglit siyang nag-atubli, pagkuwa'y dali-daling hinablot ang pitaka mula sa kuwarto at nanaog sa palapag na kinaroroongan ng wet market.

Matapos bayaran ang pinamili, animo may pakpak

ang mga paang bumalik si Dahlia ng penthouse suite. Mamayang tanghalian pa ang uwi ng kapatid niya. Ibig sabihin mayroon pa siyang kulang-kulang dalawang oras para magluto at kumain.

Pinaglalawayan niya ang pinipritong karne nang biglang tumunog ang doorbell. Kinakabahang napatingin si Dahlia sa pinto. Nakauwi na ang kapatid niya? And then she remembered that Candice never rang her own door.

Nakahinga nang maluwag na pinatay niya ang induction range at tinungo ang pinto. Nag-freeze sa baga niya ang hinugot na hininga nang mapagsino ang nasa labas niyon.

It was the big man with the big...!

Ibinagsak ni Dahlia ang pinto sa nakangiti nitong anyo bago pa man niya mapigilan ang sarili. Kagyat siyang pinanlakihan ng mga mata nang matanto ang ginawa.

Oh, no! Napaungol siya. She had just slammed the door on her sister's man.

Inabot niyang muli ang seradura, ngunit bago niya iyon pinihit, naisip niyang kalmahan muna ang sarili. Walang rason upang katakutan niya ang lalaking iyon. Just because she had seen him nearly naked—

Ano ka ba! pukpok niya sa sintido, then redoubled her efforts in getting hold of herself.

She would appear calm... and just as calmly, she would ask for an apology. She would not make a fool of herself anymore than she already had. She was not a woman of sophistication, but by God, she was not a bumbling schoolgirl, either. Formal niya itong pakikitunguhan. Kikilos siya na parang hindi niya kailanman nakita ang—

Gustong sabunutan ni Dahlia ang sarili. Papaano niyang kakalimutan ang tungkol sa bagay na iyon kung palagi iyong isinisingit ng mahalay niyang utak?

Balling her fists, she took several deep breaths. Napakislot siya nang sunod-sunod na tumunog ang doorbell. She was far from composed, pero wala siyang nagawa kundi buksan ang pinto.

“You dared slam the door on my face,” the man stated, his voice low with danger.

“I’m s-sorry...” aniyang nakatutok ang pansin sa dibdib nito. “Nabigla lang ako,” patuloy niya, walang balak na magtaas ng tingin at salubungin ang mga mata nito.

Però mukhang salungat iyon sa gustong mangyari ng malaking mama.

“Una, binagsakan mo ako ng pinto. Ngayon naman hindi ka makatingin habang kinakausap ako. Are you really so rude?”

“Of course not!” wala sa loob niyang tingala rito.

Her breath broke at the sight of his face up-close, all things resembling thought tumbling from her mind. She took a step back to distance herself from the man’s overwhelming masculine appeal.

May kung anong makapangyarihang epekto sa kanya ang mapupusyaw nitong mata. Magkasalubong ang malalago nitong kilay, subalit hindi iyon nakabawas sa taglay nitong kaguwapanuan. Sa halip, lalo iyong nakadagdag sa mapang-arok nitong titig. Short but thick lashes framed his extraordinary eyes. His clean-shaven, prominently angular jaws were set as hard as rocks and he had the most appealing mouth.

Though he looked neat and impeccably dressed in a black pin-striped suit, there was no denying that the man was ruggedly handsome.

Tumikhim ang dalaga, sinubukang paganahin ang kanyang utak. Ngunit ang tanging nakayanan niyong iproseso ay ang realisasyong parang tinatambol ang kanyang puso... at napakabango ng samyong nagmumula sa katawan nito. He was far too handsome for a mere mortal and he smelled so heavenly. A god... an Olympian god was standing before her.

Yeah. Too bad he belongs to your sister, palatak ng kanyang budhi.

